THE TAMARAO JOURNAL

## WHAT'S INSIDE?

3 SIGLAKAS: Governor Bonz Dolor's Cup 2022 inilunsad!

VOLUME I No. 52 Nov 07, 2022 - Nov. 13, 2022

# LGU Night 2022!






NAGPAKITANG GILAS sa kanilang husay sa pagsasayaw ang mga kawani ng mga lokal na pamahalaan ng Oriental Mindoro kung saan labing apat (14) na mga bayan at isang (1)Lungsod ang nag-participate sa Balik Indak sa LGU Night 2022 noong Nobyembre 11.

Hindi lang pakikiisa ng lahat ng mga opisyal ng bawat bayan at kanilang ipinadama bagkus ay ang simbolo ng tunay na kahulugan ng pagkakaisa ng lahat ng Oriental Mindoreño sa pangunguna ng mga lider ng Oriental Mindoro na pinangungunahan ni Governor Bonz Dolor katuwang si Vice-Governor Ejay Falcon.

Dahil nais ng Pamahalaang Panlalawigan na maging mas masaya at kapaki-pakinabang para sa mga LGU nilaaanan ng papremyo ang lahat ng nakilahok kung saan wagi bilang Champion ang Cluster 2 na kinabibilangan ng Lungsod ng Calapan, Naujan at Victoria.

First placer ang Cluster 3 na kinabibilangan ng Pola, Socorro at Pinamalayan; 2nd placer ang Cluster 5 na kinabibilangan ng Roxas Mansalay at Bulalacao; 3rd placer ang Cluster 4 na kinabibilangan ng Gloria Bansud at Bongabong samantalang 4th placer ang Cluster 1 na kinabibilangan ng Puerto Galera, San Teodoro at Baco.

# Miss Oriental Mindoro 2022 Winners!




### *Congratulations to our winners!*

Miss Oriental Mindoro 2022 Second Runner Up - Bongabong

Miss Oriental Mindoro 2022 First Runner Up - Bansud

Miss Oriental Mindoro 2022 MAHALTA NA - Baco

Miss Oriental Mindoro 2022 Tourism - Mansalay

Miss Oriental Mindoro 2022 - Calapan City



*The Miss Oriental Mindoro 2022 candidates during pre-pageant activities around the Capital.*



THE TAMARAO JOURNAL

RUEL T. LANDICHO
PUBLISHER

RAIA JENNIFER E. DELA PENA
EDITOR IN CHIEF

MARIA GLENDA LANDICHO
OPERATIONS AND CIRCULATION MANAGER

JACQUILOU LIRIO
ANTON VIKTOR LANDICHO
STAFF WRITERS

JORGE THOMAS BEATO
LAY-OUT ARTIST / GRAPHIC DESIGN

REYMUND AL USSAM
LEGAL CONSULTANT


THE TAMARAO JOURNAL IS A WEEKLY NEWSPAPER CIRCULATING IN THE PROVINCE OF ORIENTAL MINDORO, ISSUED EVERY WEDNESDAY. OFFICE: IBABA WEST, CALAPAN CITY, OR. MIN. CONTACT: 09175668361
EMAIL ADD: TAMARAOJOURNAL@GMAIL.COM







The Tamarao Journal's Website pages. It's been one year of printed and digital publishing for us, congratulations to the staff of The Tamarao Journal!




**For you commercial print needs!**
**Books, yearbooks, marketing collaterals**
**www.sinagprintingpress.com**
**sinagprinting@gmail.com / 09175668361**

# Happy 1st Anniversary Tamarao Journal Publication!

## It's been one heck of a year for our small community newspaper. We would like to thank all those who supported us and we hope to continue serving the province of Oriental Mindoro in the years to come!



THE TAMARAO JOURNAL

OUR MAIDEN ISSUE!

Send your contributions, comments and suggestions to tamaraojournal@gmail.com

VOLUME I No. 1 November 15-21, 2021

**SOON-TO-RISE: Provincial S&T CENTER and DOST-MIMAROPA Satellite Regional Office!**

October 26, 2021 - DOST-MIMAROPA Provincial S&T Center in Oriental Mindoro led the groundbreaking ceremony of the PSTC-Oriental Mindoro building that will soon rise in Calapan City, Oriental Mindoro. The new structure will also be an extension of the DOST-MIMAROPA Regional Office, which is currently situated in Bicutan, Taguig City, Metro Manila.

The groundbreaking ceremony was one of the highlights during the DOST-MIMAROPA 2021 Regional Science and Technology Week Celebration which opened virtually on the same day and lasted until October 28, 2021.

The new two-storey facility features new amenities that will help create a positive environment for both the clients and workforce. This includes a new training and technology demo area equipped with up-to-date equipment that will be set up to provide enhanced capability building initiatives to its stakeholders. In addition, the facility is designed as a "green" government office built with energy-efficient solar energy systems (SES) to cut down rental fees and utility charges and minimize the

...Continued to p. 4

*Proposed design of the DOST-Oriental Mindoro Office/ DOST MIMAROPA Satellite Regional Office*

*Oriental Mindoro staff at the groundbreaking ceremony*

**Mga Guro ng Dep Ed Calapan pinarangalan sa kanilang pamumuno at serbisyo**


October 18, 2021 – Pinarangalan ng Dep Ed Calapan City Schools Division at ni Mayor Arman C. Panaligan ang mga kaguruan na siyang naging mga taga pangasiwa ng Brigada Eskwela at Adopt a School Program. Ang awarding ceremony ay naganap sa Gabaldon Building ng Oriental Mindoro National High School at pinangasiwaan ni Mayor Arnan Panaligan at ni Ms. Laida Lagar Mascareñas, Dep Ed Calapan Division Superintendent. Congratulations po sa ating mga Awardees na Kaguruan! Maraming salamat sa inyong ilang taong tapat na serbisyo!

Labing walong mga teacher-coordinators mula sa iba't ibang eskwelahan ang pinarangalan. Ang mga kaguruan na tumanggap ng Leadership Awards mula sa City government ay ang sumusunod:

| Awardee | School | Coordinatorship | Years as Coordinator |
|---|---|---|---|
| Girlie A. Aclan | Bulusan Elem. School | Adopt-a- school program | Fourteen years (14) |
| Maria Luisa S. Langcauon | Lazareto Elem. School | Adopt-a- school program & Brigada Eskwela | Ten years (10) |
| Agnes A. Masangkay | M. Kalaw MS | Adopt-a- school program & Brigada Eskwela | Ten years (10) |
| Estela R. Casao | N. Aboboto MS | Adopt-a- school program & Brigada Eskwela | Twelve years (12) |
| Irene A. Mejasco | Salong Elem. School | Brigada Eskwela | Eleven years (11) |
| Gemma Evangelista-Abrea | Silonay Elem. School | Brigada Eskwela | Twelve years (12) |
| Jolly G. Arellano | Sto. Niño Elem School | Brigada Eskwela | Twelve years (12) |
| Razel S. Alcuran | Suqui Elem. School | Adopt-a- school program | Twelve years (12) |
| Wilma R. Cruz | Bayanan 1 Elem School | Adopt-a- school program & Brigada Eskwela | Eighteen years (18) |
| Elvira Quinzon | Buhuan Elem. School | Adopt-a- school program & Brigada Eskwela | Thirteen years (13) |
| Chona B. Magtibay | Nag-iba Elem School | Adopt-a- school program & Brigada Eskwela | Twelve years (12) |
| Marissa V. Gutierrez | Canubing 1 ES | Adopt-a- school program & Brigada Eskwela | Eleven years (11) |
| Lema G. Mararac | Ma. Estrella PVG Tawiran ES | Adopt-a- school program & Brigada Eskwela | Eighteen years (18) |
| Aurea D. Sagabain | Personas ES | Adopt-a- school program | Twelve years (12) |
| Jenny O. Luzon | Sta. Rita ES | Adopt-a- school program & Brigada Eskwela | Twelve years (12) |
| Rea G. Jumig | Wawa ES | Adopt-a- school program & Brigada Eskwela | Eleven years (11) |
| Nicanor L. Arriola | Managpi NHS | Adopt-a- school program & Brigada Eskwela | Eleven years (11) |
| Antonio A. Alido | Oriental Mindoro NHS | Adopt-a- school program & Brigada Eskwela | Nineteen years (19) |

*Leadership awardees na mga guro (photo credit to City Mayor Arnan C. Panaligan Official Page)*

The Tamarao Journal's Maiden Issue!





Tamarao Journal's publisher Ruel Landicho joins the officials and employees of LGU Calapan in the province's LGU Night 2022

# Pamahalaang Panlalawigan nagsagawa ng relief drive para sa mga nasalanta ng bagyong Paeng

ANG PATULOY NG RELIEF DISTRIBUTION ng Pamahalaang Panlalawigan sa pangunguna ni Governor Humerlito "Bonz" A. Dolor sa bayan ng Baco noong Nobyembre 3.

Umabot sa mahigit 5,000 pamilya na lubhang naapektuhan ng bagyong Paeng ang napagkalooban ng relief goods mula sa mga barangay ng Tagumpay, Bangkatan, Mayabig, Mangangan I, Bayanan, Burbuli, San Ignacio, Dulangan II at Dulangan I.

"Ginagawa natin ang lahat ng ito upang maramdaman ninyo na may Gobernador kayo na handang dumamay sa panahon ng inyong pangangailangan," ang mensahe ni Governor Bonz.

Pasasalamat naman ang ipinaabot ni Baco Mayor Allan A. Roldan sa Pamahalaang Panlalawigan sa aniya'y pagbibigay ng agarang tulong sa kaniyang mga kababayan.

Naging katuwang ng Gobernador sa naturang gawain ang Provincial Social Welfare and Development Office at Provincial Disaster Risk Reduction and Management Office.



# SIGLAKAS: Governor Bonz Dolor's Cup 2022 inilunsad!




PINANGUNAHAN NI VICE-GOVERNOR Ejay Falcon katuwang sina Sangguniang Panlalawigan 2nd District Board Member Atty. Roland Ruga at Pinamalayan Vice-Mayor Rodel Magsino ang ceremonial toss sa pagbubukas ng SIGLAKAS: Governor Bonz Dolor's Cup 2022 ng Samahan ng Barangay Kagawad ng Pinamalayan (SABAKAP) sa Brgy.Wawa, Pinamalayan ngayong araw, Nobyembre 6.

Bahagi ito ng tuluy-tuloy ang suporta sa mga barangay ng tandem nina Governor Bonz Dolor at Vice-Governor Ejay Falcon.

Mensahe ni Vice-Gov Falcon ang aniya' y kahandaan ng dalawang sangay ng Pamahalaang Panlalawigan na maipagkakaloob ang nararapat na suporta mula sa kanila ng Ama ng Lalawigan sa level ng mga barangay.





# THE TAMARAO JOURNAL

VOLUME I No. 52 Nov. 07, 2022 - Nov. 13, 2022



MSP GAS RETAILING STATION

Gasolina at Krudo, Sigurado at Garantisado

BARANGAY GULOD, CALAPAN CITY, OR. MINDORO

CONTACT: 09295453013


# *Agri Trade Festival Inilunsad!*





BINUKSAN NA SA PUBLIKO ang Agri Trade Festival na isa sa mga tampok na gawain kaugnay ng pagdiriwang ng 72nd Founding Anniversary Celebration (FAC) ng Oriental Mindoro o ang Mahal Tana Festival sa Provincial Capitol grounds noong Nobyembre 9.

Pinangunahan ni Governor Humerlito "Bonz" Dolor ang ribbon cutting ceremony kasama sina Department of Trade Industry (DTI) Provincial Director Arnel Hutalla, Provincial Agriculture Officer Christine Pine, ilang myembro ng Sangguniang Panlalawigan at ilang punumbayan.

Umabot sa 14 ang booth na lumahok sa agri-trade festivel. Sa nabanggit na bilang, 12 ay mga lead cooperative ng iba't ibang bayan samantalang may isang booth ang PAgO at isang booth din ang ORMISAD o ang Oriental Mindoro Initiative for Sustainable Agriculture Development.

Makikita sa nabanggit na trade fair ang iba't ibang produktong gawa n gating mga kooperatiba at mga produktong agrikultural na matatagpuan sa ating lalawigan tulad ng tela, bag at beads na gawa ng mga katutubong Mangyan, dried fish, root crops, bukayo, calamansi juice, processed foods, kape,walis tambo at tingting, yema, ginataang lukan, durian, lanzones, rambutan, saging, rice tea, coconut brownies, pineapple, dragon fruit at bignay wine, calamansi ginger tea, peanut butter, banana chips, cassava cake, papaya, gulay at marami pang iba.

Tatagal hanggang Nobyembre 15 ang trade festival na pinangasiwaan ng Provincial Investment, Cooperative and Enterprise Development Office (PICEDO).







